# Mga Heat Wave at Kalusugan

**Dahil sa nagbabagong klima, magiging mas karaniwan sa Alameda County ang mga matinding heat wave.**

- Mas mainit ang mga mataas na temperatura kapag nakatira sa kapaligiran na lungsod at maaaring maging lubhang mapanganib ang mga heat wave.
- Maaaring maapektuhan ng napakataas na temperatura ng katawan ang utak at ibang mahalagang organ.
- Ang ilang kondisyon sa kalusugan tulad ng labis na katabaan, sakit sa puso, at dehydration kasama ng ilang gamot ay maaaring gawing mas mahirap sa katawan na manatiling malamig sa mainit na panahon.

## Mga Palatandaan ng Sakit na May Kaugnayan sa Init

**HEAT EXHAUSTION**

**Ang heat exhaustion ay hindi kasing tindi ng heat stroke, pero seryosong panganib pa rin sa kalusugan.**

Sakit ng ulo

Pagkahilo

Pinagpapawisan mabuti

Malamig, namumutla, at nagpapawis na balat


Nagduduwal o sumusuka

Mabilis, at mahinang pulso

Pamumulikat ng kalamnan

Nawalan ng malay

Pagkapagod o panghihina



**HEATSTROKE**

**Ang heat stroke ay isang seryoso at posibleng nakamamatay na kondisyon.**

Sakit ng ulo

Pagkahilo

Pagkalito

Hindi pinapawisan

Mataas na temperatura ng katawan

Namumula, mainit, tuyo o mamasa-masang balat

Pagduduwal

Mabilis at malakas na pulso

Nawalan ng malay

## Ano ang dapat gawin para sa sakit na may kaugnayan sa init

- Lumipat sa isang mas malamig na lugar
- Mag-hydrate, uminom ng tubig
- Magpahinga at magpalamig
- Tumawag sa 911 kung lulubha ang mga sintomas o magtatagal nang mahigit sa 1 oras

**Tumawag kaagad sa 911**

**Huwag uminom ng kahit ano**

**Lumipat sa isang mas malamig na lugar**

### Magtuon ng Pansin sa Mga Mahinang Grupo

Mga sanggol at mga bata
Mga Matanda
Mga taong may mga kapansanan
Walang tirahan o walang masisilungan
Mga taong namumuhay mag-isa
Mga alagang hayop



# Iwasan ang mga Sakit na May Kaugnayan sa Init

**Uminom palagi!** Huwag hintaying mauhaw ka. Iwasang uminom ng alak, may kape at matatamis na inumin.

**Magpalamig!** Pumasok sa loob o maghanap ng **Center para Magpalamig (Cooling Center)** sa iyong komunidad. Ang cooling center ay isang pampublikong lugar na naka-air condition. Pansamantalang lugar ito na bukas sa panahon ng mga heat wave. Para sa listahan ng mga Cooling Center sa buong Alameda County, tumawag sa 2-1-1.

**Iwasan ang mahihirap na aktibidad** at limitahan ang oras ng pagkakalantad sa araw. Gumamit ng sunscreen at magsuot ng sumbrero kung dapat kang lumabas.

**Huwag iwanan sa kotse ang mga sanggol, bata o alagang hayop!**

**Gamitin ang Buddy System!** Kumustahin ang kalusugan ng iyong pamilya at mga kaibigan, lalo na kung sila ay mga bata, matatanda, o mga taong may mga pisikal o pangkaisipang kapansanan.

**Magsuot ng preskong damit!** Magsuot ng damit na may matingkad na kulay, magaan at maluwag, at sapatos na bukas ang mga daliri ng paa.

**Madalas na mag-shower o maligo sa malamig na tubig** o magpalamig gamit ang bentilador.

**Panatilihing malamig ang iyong tahanan!** Isara ang iyong mga kurtina at iwasang magluto, lalo na sa pinakamainit na bahagi ng araw. Matulog nang malamig sa gabi.

Para sa higit pang mga payo tungkol sa Pag-iwas sa Sakit na May Kaugnayan sa Init, bisitahin ang:
cdph.ca.gov/Programs/EPO

# Plano ng Pamilya para sa Emergency

**Lokal na Center para Magpalamig (Cooling Center)**:

______________________________

**Tagpuang lugar para sa isang emergency:**

Lugar (Neighborhood):______________________________

Sa labas ng lugar (neighborhood):

______________________________

**Sa panahon ng heat wave, tatawag ako para kumustahin si:**

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

**Kung mayroon akong emergency, tatawagan ko si:**

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

**Out-of-town na mga contact:**

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

**Out-of-state na mga contact:**

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

Pangalan: ________________ Telepono: ____________

**Lokasyon ng kit na pang-emergency**:

______________________________

**Ibang impormasyon, mga gamot, mga numero ng telepono:**

______________________________

______________________________

______________________________

Alameda County Health

Update 07/09/24

## Pang-emergency na pangangalagang pangmedikal

**Wilma Chan Highland Hospital**
1411 E. 31st Street
Oakland, CA 94602
(510) 437-4800

**Alameda Hospital**
2070 Clinton Avenue
Alameda, CA 94501
(510) 522-3700

**Alta Bates Summit Medical Center**
350 Hawthorne Street
Oakland, CA 94609
(510) 655-4000

**Alta Bates Summit Medical Center**
2450 Ashby Avenue
Berkeley, CA 94705
(510) 204-4444

**Kaiser Permanente Fremont**
39400 Paseo Padre Parkway
Fremont, CA 94538
(510) 248-3000

**Kaiser Permanente Oakland** 3600 Broadway
Oakland, CA 94611
(510) 752-1000

**Kaiser Permanente San Leandro**
2500 Merced Street
San Leandro, CA 94577
(510) 454-1000

**San Leandro Hospital**
13855 E. 14th Street
San Leandro, CA 94578
(510) 357-6500

**St. Rose Hospital**
27200 Calaroga Avenue
Hayward, CA 94545
(510) 264-4000

**Stanford Health Care Tri-Valley Medical Center**
5555 W. Las Positas Boulevard
Pleasanton, CA 94588
(925) 847-3000

**Eden Medical Center**
20103 Lake Chabot Road
Castro Valley, CA 94546
(510) 537-1234

**UCSF Benioff Children's Hospital Oakland**
747 52nd Street
Oakland, CA 94609
(510) 428-3000

**Washington Hospital Healthcare System**
2000 Mowry Avenue
Fremont, CA 94538
(510) 797-1111

# Mga Kit na Pang-emergency

Isaalang-alang na gumawa ng dalawang kit na magiging available sa mga lugar na madaling mapuntahan. Ang bawat kit ay dapat may mga gamit na para sa iyong personal at pangsambahayan na mga pangangailangan.

1) **KIT PARA SA TAHANAN:** Ang kit na ito ay maaaring kahit gaanong kalaking lalagyan dahil gagamitin ito sa iyong sariling tahanan , at ilalagay sa labas kung sakaling lumindol.

2) **KIT NA MADALING MADADALA:** Maliit na kit ito na pwede mong itabi sa iyong kotse o sa trabaho at dapat maaaring dalhin. Ang kit ay dapat nasa isang madaling dalhin na lalagyan na may matibay na mga strap tulad ng isang backpack. Magpanatili ng tatlong-araw na supply ng pagkain, tubig, at mga gamot.

**Isaalang-alang ang pangangailangan ng espesyal na kit para sa:**

- **Mga sanggol:** Powder na formula, pagkain ng baby, mga diaper.
- **Mga bata:** Mga laruan at mga libro
- **Mga taong may mga Kapansanan:** Pantulong na gamit, mga baterya, back up na power
- **Mga matanda:** Ekstrang mga salamin sa mata, mga hearing aid, gamot
- **Mga alagang hayop:** Gamot, mga collar at mga leash, mga supot para sa dumi ng alagang hayop, pagkain



## Pangunahing Kit

- ☐ First-aid kit
- ☐ Plano ng Pamilya para sa Emergency
- ☐ Pang-emergency na kumot
- ☐ Naka-charge na cell phone na may kasamang mga contact para sa emergency
- ☐ 3 araw na supply ng tubig sa selyado, hindi nababasag na mga lalagyan, para sa maiinom at paglalaba **para sa bawat tao at alagang hayop**
- ☐ 3 araw na supply ng pagkain na hindi kailangang palamigin sa pridyeder
- ☐ 3 araw na supply ng iniresetang mga gamot at impormasyon ng paggamot
- ☐ Radyo na de-baterya, solar, o de-pihit
- ☐ Mga kopya ng mga mahalagang dokumento (mga medikal na rekord, impormasyon ng insurance, birth certificate, atbp.
- ☐ Mga flashlight na may ekstrang baterya na magkahiwalay na itinago
- ☐ Mga gamit sa banyo at hand sanitizer
- ☐ Mga supot para sa basura, duct tape, mga plastic sheet, mga guwantes para sa pagtatapon, mga face mask
- ☐ Manu-manong abrelata at mga pangunahing gamit sa pagkain
- ☐ Ekstrang damit na may kasamang damit na may mahabang manggas, pantalon, at matibay na sapatos
- ☐ Cash sa maliliit na bill
- ☐ Mga Litrato ng Pamilya

# Mga Mahalagang Mapagkukunan

## Maghanda!

- ☐ Mag-sign up para sa AC Alert sa acgov.org/emergencysite

  Maaari mong piliing makatanggap ng mga notification na pang-emergency sa iyong bahay o cell phone sa pamamagitan ng tawag o text.
- ☐ I-download ang OSHA Het safety app na mayroong aktwal na index ng init sa lugar at taya ng panahon bawat oras, pati rin ang mga rekomendasyon sa kalusugan at kaligtasan ng manggagawa.

## Mga Lokal na Istasyon ng Radyo – Ingles

**KCBS 740 AM / 106.9 FM KPFA 94.1 FM KALW 91.7 FM**

## Estaciones de Radio Locales – Español

**KSOL 98.9 FM**

**Higit Pang Mapagkukunan**

**Impormasyon at Mga Mapagkukunan sa Alameda County Eden I&R**
Edenir.org | Tumawag sa 2-1-1 anumang oras o i-text ang 898211, Lunes hanggang Biyernes 9am hanggang 4pm

**Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County: Init at Kalusugan**
acphd.org/pehp/heat-and-health.aspx

**Sheriff ng Alameda County, Paghahanda sa Emergency**
acgov.org/emergencysite

**American Red Cross** redcross.org | (800) 733-2767

**Center ng California para sa Pagkontrol ng Lason** calpoison.org | (800) 876-4766

**Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit (Center for Disease Control and Prevention, CDC) Labis na Init**
cdc.gov/disasters/extremeheat

**Pagpapalamig ng aming mga Komunidad, Unincorporated Alameda County**
acgov.org/cda/planning/sustainability/cooling-our-communities.htm

**Kagawaran ng Homeland Security, Paghahanda sa Emergency**
ready.gov

**Mga Mapagkukunan para sa Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff, PSPS) ng PG&E**
(800) 743-5000 | Para sa mga aktwal na Update ng PSPS, pge.com/pspsupdates
Pababain ang iyong bill sa kuryente sa pamamagitan ng pangmedikal na baseline program para sa ilang kwalipikadong medikal na kondisyon, pge.com/medicalbaseline